# Balangkas ng Scholarship Grant para sa mga estudyante sa High School sa Kanagawa Prefecture

## 1 Mga kwalipikado sa loan o pautang

Mga tumutugma sa alinman sa A o B

A Mga estudyante na nakatira sa loob ng prefecture, at pumapasok sa high school atbp.
(High School, huling kurso ng Secondary Education School, high school division ng Special Needs Education School) sa prefecture

B Mga estudyante na ang tagapangalaga ay nakatira sa loob ng prefecture, at pumapasok sa high school atbp. o high school course ng Vocational School

## 2 Detalye ng loan o pautang

| | |
|---|---|
| (1) **Buwanang halaga na mahihiram (mga bagong pasok)** | Pambansa o Pampubliko **10,000 yen, 20,000 yen o 30,000 yen** (pumili ng alinman)<br>Pampribado **10,000 yen, 20,000 yen, 30,000 yen, 40,000 yen o 50,000 yen** (pumili ng alinman)<br>* Sa mga nasa 2nd year pataas, ang maximum na halaga ay mababawasan ng 10,000 yen, gayunman, sa pamamagitan ng aplikasyon (may mga kundisyon) ay maaari itong madagdagan ng 10,000 yen upang makatanggap ng halagang gaya noong panahong bagong pasok pa lamang. |
| (2) **Panahon na makakahiram/loan** | Isang taon magmula Abril hanggang Marso ng susunod na taon (sakaling Advance Recruitment / Regular Recruitment) |
| (3) **Paraan ng pagpapahiram/loan** | Sa katapusan ng Hulyo (pang-Abril ~ Setyembre), katapusan ng Oktubre (pang-Oktubre ~ Disyembre), katapusan ng Enero (pang-Enero ~ Marso), 3 beses sa 1 taon ay ipapadala ito sa itinalagang bank account ng mismong aplikante. (halimbawa ng Regular Recruitment) |

## 3 Joint Guarantor

**Bilang patakaran, kinakailangang 2 tao* ang joint guarantor.**
* Isang tagapangalaga, at isang tao na nasa hustong gulang at nakakapagpanatili ng kabuhayan.
Pagsasabmitin ng sertipiko ng seal (inkan) registration pagkatapos maaprubahan ang loan.

## 4 Paraan ng Aplikasyon

### ① Advance Recruitment (Mag-aaplay bago pumasok sa high school atbp.)

| | |
|---|---|
| (1) **Impormasyon sa Tanggapan atbp.** | Ang detalye ng tanggapan, panahon ng aplikasyon, papeles sa aplikasyon atbp. ay **ipagbibigay-alam sa pinapasukang jr. high school** mga bandang Nobyembre kaya't magsabi lamang sa inyong guro atbp.. (nakalagay din sa homepage ng prefecture) |
| (2) **Lugar ng Aplikasyon** | Mag-aplay sa **Dibisyon ng Pananalapi (Zaimu-ka) ng Lupon ng Edukasyon Pamprepektura ng Kanagawa (Kanagawa-ken Kyōiku Iinkai).**<br>Pagkatapos ng screening, bago pa man ay pinagpapasyahan na ang mga makakapasok, gayunpaman, pagnakapasok na sa high school atbp., kakailanganing magsabmit muli ng application form atbp. sa pinasukang paaralan. |
| (3) **Short-term Temporary Scholarship Grant** | **Sa mga** advance recruitment na **nagnanais** nito, **bilang panandalian at pansamantalang scholarship ay mahihiram nang maaga ang bahagi ng scholarship na ibinibigay pagnakapasok na sa high school at makukuha ito sa Marso bago pumasok sa high school.** |

### ② Regular Recruitment (Mag-aaplay pagnakapasok na sa high school atbp.)

| | |
|---|---|
| (1) **Impormasyon sa Tanggapan atbp.** | Ang impormasyon sa tanggapan, papeles sa aplikasyon atbp. ay **ipapamahagi sa high school atbp..** (nakalagay din sa homepage ng prefecture)<br>Para sa impormasyon tungkol sa pamamaraan ng aplikasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa taong namamahala nito sa bawat high school atbp.. |
| (2) **Lugar ng Aplikasyon** | Kinakailangan ang rekomendasyon ng punong-guro ng paaralan kaya't mangyaring **gawin ang hakbang nito sa pamamagitan ng bawat high school atbp..** |
| (3) **Panahon ng aplikasyon** | Ang Regular Recruitment ay magsasagawa ng **Tanggapan sa Abril.** Mag-aplay lamang hanggang sa panahong itinakda ng bawat high school atbp..<br>* Sakaling kailanganin ang loan pagkatapos ng deadline ng tanggapan nito, maaaring mag-aplay sa recruitment na ginagawa anumang oras.<br>(Ang tanggapan ng recruitment na ginagawa anumang oras ay hanggang Enero) |

## 5 Paraan ng Pagbabayad

| | |
|---|---|
| (1) **Panahon ng Pagbabayad atbp.** | **Babayaran ang loan sa loob ng 4 na beses na haba ng panahon ng pautang** anim na buwan pagka-graduate sa high school.<br>Ang paraan ng pagbabayad nito ay: buwanang bayad (kada buwan), kalahating taunang bayad (Hulyo at Disyembre kada taon), o taunang bayad (Disyembre kada taon). Walang interes ang High School Scholarship Grant. |
| (2) **Pagpapaliban ng Pagbabayad atbp.** | Sakaling nagpatuloy sa unibersidad atbp., **maaaring ipagpaliban ang pagbabayad sa pamamagitan ng aplikasyon.** Gayundin, **maaaring makalibre o mabigyan ng exemption sa pagbabayad kung makakatugon lamang sa ilang kundisyon.** |

## 6 Para sa mga Katanungan

High School Scholarship Grant Group, Finance Division, Kanagawa Prefectural Board of Education (Kanagawa-ken Kyōiku Iinkai, Zaimu-ka, Kōkō Shōgakukin Group)
Tel: (045)210-8251 (direct line)
Homepage http://www.pref.kanagawa.jp/docs/en7/cnt/f324/